
02

# PAGSISIMULA NG IYONG BUHAY

## NA MAY PAKIKISAMA KAY KRISTO




Maaaring maranasan ng bawa't Kristiyano ang pakikisama sa Diyos bawa't sandali kung matututunan niyang ihayag ang mga kasalanan niya sa kanyang buhay. Ang namumuhay na may pakikisama kay Hesu-Kristo ay dumaranas ng isang puspos at masaganang buhay.



Ang karaniwang katanungan ng maraming Kristiyano ay, **“Anong nangyayari kapag ako ay nagkakasala at nakagagawa ng di kasiya-siya sa Diyos?”** Sa madaling salita, **“Ang akin bang kaugnayan sa Diyos ay nababago?” “Iniiwan ba ako ni Hesus?”**

Ang katugunan sa tanong na ito ay lalong mauunawaan kung ating kikilalanin ang kaibhan ng gating kaugnayan sa Diyos at ng ating pakikisama sa Diyos.

Nang tanggapin mo si Hesu-Kristo, ikaw ay nagkaroon ng isang personal na kaugnayan sa Kanya. Ikaw ay naging anak ng Diyos (Juan 1:12). Tinanggap mo ang Kanyang buhay kaya ngayon ay dala mo ang Kanyang pangalan na tawag sa iyo na “Kristiyano”.




# KAUGNAYAN

Maaaring maisalarawan ang kaibhan ng ating pakikipagugnay sa Diyos at ng ating pakikisama sa Diyos sa pamamagitan ng kaugnayan ng isang ama't anak sa isang pamilya. Kapag ang isang batang lalaki ay ipinanganak sa isang pami-lya, siya ay tinataguriang anak ng kanyang Ama, dahil sa ang buhay ng kanyang ama'y nasa sa kanya. Tataglayin niya ang pangalan sa kanyang ama.

Kung ang anak ay nagpasyang umalis ng kanilang tahanan at gumawa ng maraming bagay na nagbigay ng kahihiyan sa kanyang ama, siya ba'y anak pa rin ng kanyang ama?

Ang kaugnayan ng ama at anak ay nananatili. Kahit ano pa man ang asal o gawin ng anak, ang kaugnayang ito ay di nawawala o di nagbabago.



# PAKIKISAMA

Subali't ano ang mangyayari sa kanilang samahan? Dahil sa ginawa ng anak ang kanilang pagsasama (o pakikisama sa isa't isa) ay nasira.

Ano ang dapat gawin ng anak upang manumbalik ang kanilang pagsasama. Ang anak ay kailangang bumalik sa kinaroroonan ng kanyang Ama, amining siya'y nagkamali at humingi ng kapatawaran. Ating ihalintulad ang halimba-wang ito sa ating kaugnayan sa Diyos. **Ang ating kaugnayan sa Diyos na ating Ama ay nananatili.** Tayo'y Kanyang mga anak. Ang kaugnayang ito'y hindi nagbabago o di nawawala. Datapwa't kapag tayo'y nagkakasala at gumaga-wa ng di kaayaaya sa Diyos, **ang ating pakikisama sa Kanya ay nasisira.** Kaya upang ang ating pakikisama sa Diyos ay muling manumbalik kailangang sabihin natin sa Kanya na tayo'y nagkamali at tanggapin natin ang Kanyang kapatawarang gawad Niya sa atin.

Maaaring maisalarawan natin ang kaibhan ng ating kaugnayan at pakikisama sa Diyos sa pamamagitan ng tatlong bilog:

Basahin ang **I Corinto 2:14 - 3:3**. Isulat ang nararapat na kasagutan sa mga sumusunod na katanungan sa mga puwang:

# TAONG
# NATURAL



**A** Paano matatawag ang isang taong di-Kristiyano sa **1 Corinto 2:14?**

Meron ba siyang kaugnayan sa Diyos?

○ **Meron** ○ **Wala**

Meron ba siyang pakikisama sa Diyos?

○ **Meron** ○ **Wala**

# TAONG NASA SPIRITU



B

Paano matatawag ang isang taong pinamumunuan ni Kristo sa **1 Corinto 2:15?**

Meron ba siyang kaugnayan sa Diyos?

○ **Meron** ○ **Wala**

Meron ba siyang pakikisama sa Diyos?

○ **Meron** ○ **Wala**

## TAONG
## KARNAL



C

Paano matatawag ang isang taong pinamumunuan ng kanyang sarili sa **1 Corinto 3:1?**


Meron ba siyang kaugnayan sa Diyos?

○ **Meron** ○ **Wala**

Meron ba siyang pakikisama sa Diyos?

○ **Meron** ○ **Wala**

**Ang TAONG MAKALAMAN (KARNAL) ay isang Kristiyano na ang buhay ay PINAMUMUNUAN ng SARILI dahil sa KASALANAN.**




Samantalang ang **TAONG NATURAL** (Di-Espirituwal) ay walang Kristo sa kanyang buhay, si Kristo'y nabubuhay sa **TAONG NASA ESPIRITU** at sa **TAONG MAKALAMAN** o **KARNA**L; sila ay mga Kristiyano.

Basahin ang **1 Juan 1:8 - 2:1**


Maaaring **MAIBALIK** ng **TAONG MAKALAMAN (KARNAL)** sa bilog blg. 3 ang kanyang **PAKIKISAMA SA DIYOS** sa pamamagitan ng **PAGPAPAHAYAG** ng kanyang mga **KASALANAN**. Ang pagpapahayag o pangungumpisal ay kinapapalooban ng tatlong bagay:

1. PAGSANG-AYON
2. PAGPAPASALAMAT
3. PAGSISISI

**Kinakailangan maunawaan ng Kristiyano na kapag siya'y nagkasala at muling namuno ng kanyang buhay, kinakailangang sa lalong madaling panahon ay magpahayag siya ng kanyang kasalanan at ibabalik siya ng Diyos sa kanilang pagsasamahan.**




Kapag tayo'y **NAGPAPAHAYAG**, tayo'y **SUMASANG-AYON** sa **DIYOS** na ang Kanyang ipinakita sa atin na kasalanan ay kasalanan. Atin ding **PINASASALA-MATAN** ang **DIYOS** na ang kasalanang ito ay binayaran na ni **HESU-KRISTO** sa Kanyang kamatayan sa krus. Ang pagpapahayag ay nangangahulugan din ng **PAGSISISI**. Ang **PAGSISISI** ay **PAGBABAGO** ng ating mga pag-iisip (o ugali) na magbubunga ng pagbabago ng ating mga gawa.



Sabi sa **1 John 1:9** anong dapat nating gawin sa mga kasalanan natin?


Anong pinromise ni God na gagawin Nya pag nagconfess tayo ng mga kasalanan natin?



**Suggested na babasahin:**

**1. 1 Juan 1**

**2. Kaalamang Maisasalin Blg. 2 – “Paano Mararanasan ang pag-ibig at pagpapa-tawad ng Diyos” (Transferable Concept No. 2 “How to Experience God’s Love and Forgiveness”)**



## MGA KASAGUTAN:

### A

1. di-Kristiyano, Kristo nasa labas, sarili ang namumuno
2. Wala
3. Wala

### B

4. Kristiyano, Kristo ang namumuno
5. Meron
6. Meron

### C

7. Kristiyano, sarili ang namumuno.
8. Meron
9. Wala

10. 1 John 1:9
    Ating ipahayag an gating mga kasalanan. Ipinangako ng Diyos na patatawarin tayo at lilinisin tayo sa ating mga kasamaan.

A caring community passionate about
connecting people to Jesus Christ